




TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2021-0003 |
| Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

| Tanong | Sagot |
|--|--|
| Ano ang basehan ng PhilHealth upang gumawa ng benepisyong para sa SARS-CoV-2 testing gamit ang cartridge-based PCR? | <p>Presidential Proclamation No. 929 s. 2020 na nagdedeklara ng state of calamity sa buong bansa dahil sa patuloy na pagdami ng nagkakasakit ng COVID-19. Gayundin, ang RA 11469 o ang Bayanihan to Heal as One Act na nagsasaad ng buong pwersa ng gobyerno at lipunan upang puksain ang COVID-19.</p> <p>Noong Marso 26, 2020, inaprubahan ng Philippine Food and Drug Administration (FDA) sa pamamagitan ng DM No. 2020-0191 ang paggamit ng mga GeneXpert machines ng National Tuberculosis Control Program upang matukoy ang SARS-CoV-2. Layunin din nito na maparami ang mga testing laboratory sa buong bansa bilang tugon sa pandemiya.</p> |
| Ano ang basehan ng PhilHealth para sa halaga ng babayaranang benepisyong para sa testing ng COVID-19 gamit ang cartridge-based PCR? | <p>Ang PhilHealth ay patuloy na nagsasaliksik upang i-review ang mga benefit packages nito para sa COVID-19 kasama ang halaga o cost estimates para sa SARS-CoV-2 test benefit package. Ang ginagawang pag-aaral ay base sa guidelines ng Department of Health (DOH) katulad nang kung sino ang dapat na ma-test, at mga licensing requirement upang mapatakbo ang isang COVID-19 testing laboratory.</p> |
| Ano ang layunin ng polisiya/benepisyong? | <p>Ilahad ang mga panuntunan ukol sa benepisyong para sa SARS CoV-2 testing gamit ang cartridge-based PCR.</p> |
| Sinu-sino ang sakop ng polisiya/benepisyong? | <p>Lahat ng miyembro ng PhilHealth na kailangang i-test sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR base sa panuntunan ng DOH; at mga lisensyadong testing laboratory ng DOH at accredited ng PhilHealth.</p> |
| Ano ang cartridge-based PCR? | <p>Ito ay isang uri ng pagsusuri upang matukoy ang SARS-CoV-2 na dahilan ng sakit na COVID-19 sa pamamagitan ng pagsa-swab sa ilong o lalamunan.</p> |
| Sinu-sino ang dapat na sumailalim sa SARS-CoV-2 o COVID-19 test? | <p>Ang mga dapat sumailalim sa pagsusuri para sa SARS-CoV-2 o COVID-19 test ay nakapaloob sa DOH – DM 2020-0258-A, ang</p> |



| | | |
|---|--|--|
|  | TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
| | Circular No. | 2021-0003 |
| | Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

| | |
|---|--|
| | guidelines na ipinalabas ng DOH. |
| Lahat ba ng grupong tinukoy sa DOH – DM 2020-0258-A na sumailalim ng COVID-19 test ay mababayaran ng PhilHealth? | Oo, maliban lamang sa mga sumusunod na hindi dapat bayaran: <ol style="list-style-type: none"> Sub-group H2: “All travelers, whether of domestic or foreign origin, may be tested at least once, at their own expense, prior to entry into any designated tourist zone, as identified and declared by the Department of Tourism.” Sub-group J2: “All other employees not covered above are not required to undergo testing but are encouraged to be tested every quarter. Private sector employers are highly encouraged to send their employees for regular testing at the employers’ expense in order to avoid lockdowns that may do more damage to their companies.” |
| Anu-ano ang kumpletong serbisyo o minimum standards ang nakapaloob sa benepisyo ng testing para sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR? | <ol style="list-style-type: none"> Paunang pagsusuri sa pasyente o screening Pagsasagawa ng swabbing o specimen collection Tamang paghawak ng swab sample o specimen handling Pagsasagawa ng SARS-CoV-2 testing gamit ang cartridge-based PCR (kasama ang test kit at iba pang supplies) Pagtala ng resulta o analysis at reporting of results |





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|--------------|---|
| Circular No. | 2021-0003 |
| Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

Magkano ang halaga na babayaran ng PhilHealth para sa testing ng SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR?

Ang benepisyo ng PhilHealth para sa testing ng SARS-CoV-2 sa pamamagitan ng cartridge-based PCR, na may tatlong package codes, ay ang mga sumusunod:

| Package Code | Kundisyon upang mabayaran | Serbisyo na covered ng PhilHealth | Halaga ng Package (Php) |
|--------------|---|--|-------------------------|
| C19X1 | Lahat ng serbisyo para sa testing ay nanggaling at ibinigay ng testing laboratory | Kumpleto ang serbisyo o minimum standards | 2,287 |
| C19X2 | Ang test kit na ginamit ng testing center ay galing sa donasyon | Paunang pagsuri sa pasyente o Screening, Pagsasagawa ng swabbing o specimen collection at tamang proseso ng pagdala o handling ng specimen, pagsasagawa ng cartridge-based PCR testing at ang analysis ng resulta; | 1,099 |





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2021-0003 |
| Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

| | | | | |
|--|--|--|--|--------------|
| | C19X3 | Ang test kit ay galing sa donasyon, at ang gastos para sa pagpapatakbo ng laboratoryo at cartridge-based PCR machine na gamit sa pag-test ay gastos ng gobyerno | Paunang pagsuri sa pasyente o Screening, pagsasagawa ng swabbing o specimen collection at tamang proseso ng pagdala o handling ng specimen | 1,059 |
| | | <p>Ang benepisyong ito ay maaaring i-update pa ng PhilHealth kung kinakailangan base sa umiiral na mga protocol at standard sa pakikipagtulungan sa mga institusyon at eksperto.</p> | | |
| <p>Saan maaaring magpa-test ang mga miyembro para sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR?</p> | <p>Ang mga kwalipikadong pasyente para sa SARS-CoV-2 testing ay maaaring magpa-test sa lahat ng pasilidad o laboratoryo na DOH-licensed at accredited ng PhilHealth na gumagamit ng cartridge-based PCR.</p> | | | |
| <p>Ano ang guidelines na dapat sundin ng isang DOH-licensed testing laboratory na gumagamit ng cartridge-based PCR upang maging accredited ng PhilHealth para sa benefit package ng SARS-CoV-2 testing?</p> | <ol style="list-style-type: none"> 1. Lahat ng kasalukuyang accredited health facilities na may valid DOH license para sa SARS-CoV-2 testing laboratory na gumagamit ng cartridge-based PCR ay hindi na kailangang mag-apply para sa accreditation. Awtomatikong isasama ng PhilHealth ang ganitong serbisyo sa kanilang accreditation records na may validity kung kailan sila nabigyan ng DOH license. 2. Ang accredited testing laboratory para sa SARS-CoV-2 ng isang kasalukuyang accredited health facility ay dapat magsumite ng fully accomplished Auto Credit Payment System (ACPS) form kung nais nilang ihiwalay ang bayad ng claims para sa testing ng SARS-CoV-2. | | | |





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2021-0003 |
| Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

| | |
|--|---|
| Anu-ano ang mga requirements para sa non-hospital based testing laboratory o laboratoryo ng isang non-accredited health facility para ma-accredit? | <ul style="list-style-type: none"> a. Patunay na nasa listahan o Inclusion in the list of DOH certified and licensed SARS- CoV-2 testing laboratory b. Accomplished Provider Data Record c. Performance Commitment (pinirmahan sa bawat pahina) d. Fully accomplished Auto Credit Payment System (ACPS) form |
| Ilang beses pwedeng magpa-test at pwedeng mag-claim para sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR? | Ang pag-ulit ng test at kung ilang beses ito dapat gawin ay depende sa prescription ng duktur, at ito ay nakabase sa kundisyon ng pasyente alinsunod sa guidelines ng DOH at PSMID. |
| Mayroon pa bang babayaran ang miyembro para sa pagpapa-test ng SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR? | <p>Wala nang dapat bayaran ang isang miyembro na sumailalim o sasailalim sa test para sa COVID-19 para sa mga serbisyong nakapaloob sa benepisyong ito.</p> <p>Ngunit, para sa dagdag serbisyo katulad ng drive-through, home service, online appointment, maaaring singilin ng co-payment o dagdag bayad ang miyembro o pasyente pagkatapos ibawas ang halaga ng benepisyo ng PhilHealth.</p> |
| Kung nag-negatibo ang pasyente sa COVID-19 test gamit ang cartridge-based PCR, babayaran pa rin ba ng PhilHealth? | Oo, dahil ang basehan ng PhilHealth reimbursement sa SARS-CoV-2 testing gamit ang cartridge-based PCR ay hindi batay sa resulta ng test kundi sa mga serbisyong ginawa sa pasyente at kung may donasyon na gamit sa laboratoryo o wala na siyang magsasabi kung anong package code ang dapat na ma-claim ng pasyente. |
| Ano ang kahalagahan ng SARS-CoV-2 Claims Summary Form? | Ang CSF ay ginawa ng PhilHealth upang matukoy ang mga pasyenteng sumailalim sa pagsusuri ng cartridge-based PCR alinsunod sa “priority subgroups” na inilabas ng DOH. |
| Anu-ano ang mga kailangang dokumento na dapat isumite ng accredited testing laboratory upang mabayaran ang claim sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR? | <p>Ang mga sumusunod ay kailangan para sa claims filing:</p> <ul style="list-style-type: none"> 1. Properly accomplished SARS-CoV-2 Claims Summary Form (preferably in MS Excel format or CSV file); 2. Scanned copy of the properly accomplished CIF that is prescribed by the DOH (preferably in PDF format); 3. Itemized billing statement which includes the readers’ fees, if any (preferably in MS Excel format or CSV file), for admitted patients only; and 4. Scanned copy of the Certificate of classification of at-risk |





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2021-0003 |
| Title | <u>Benefit Package for SARS-CoV-2 Testing Using Cartridge-based PCR</u> |

| | |
|---|--|
| | individuals and actual charges for SARS-CoV-2 test (Annex E) (preferably in PDF format), accomplished at point of specimen collection. |
| Kailangan ba ang Claims Signature Form (CSF), Claim Form 1 (CF1), CF2, CF3, CF4 at summarized statement of account (SOA) para sa claims filing ng SARS-CoV-2 test gamit ang cartridge-based PCR? | Hindi, alinsunod sa polisiya, ang lahat ng nabanggit ay hindi kailangang isumite para sa pagpapa-file ng claim ng SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR. |
| Maaari bang mag direct file ang isang miyembro para sa SARS-CoV-2 o COVID-19 tes gamit ang cartridge-based PCR? | Oo, maaaring mag-direct file ang isang miyembro kung hindi naibawas ng accredited testing laboratory ang benepisyo. Ang halaga ng mababayaran ay akma base sa package rate. |
| Anu-ano ang mga kailangan na dokumento ang dapat isumite sa PhilHealth upang makapag-direct file ang isang miyembro? | Para sa directly filed claims, kailangang isumite ang mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> 1. Orihinal na kopya ng opisyal na resibo; 2. Orihinal, photocopy, o printed scanned copy ng “Waiver for directly filed claims for the SARS-CoV-2 testing package” (Annex D) na binigay ng PhilHealth accredited SARS-CoV-2 testing laboratory sa miyembro o pasyente na nagpapatunay na binayaran niya ang kabuuang halaga para sa SARS-CoV-2 testing at walang naibawas na benepisyo mula sa PhilHealth. Ang miyembro ay may kaakibat na responsibilidad na magtabi ng nabanggit na kopya ng waiver bilang patunay kapag nagkaroon ng imbestigasyon o domiciliary monitoring, at 3. Orihinal, photocopy, o printed scanned copy ng CIF na nagsasaad kung saan nabibilang na subgroup ang miyembro o pasyente. |
| Kailan epektibo ang polisiya ng SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR? | Simula ika- 23 ng Hulyo 2020 , lahat ng miyembro ng PhilHealth na nakuhanan ng swab specimen para sa SARS-CoV-2 gamit ang cartridge-based PCR ay kwalipikado sa benepisyong ito. |

